THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME 3 No. 34 | ISSN No. 2984-7249 | Jul. 01, 2024 - Jul. 07, 2024

## WHAT'S INSIDE?

3 DISTRIBUTION OF FINANCIAL ASSISTANCE: SENIOR CITIZENS BIRTHDAY PAYOUT 2024

# PAMAHALAANG LUNGSOD KUMIKILOS KONTRA DENGUE — MISTING ACTIVITY PINANGUNAHAN NG CITY HEALTH AND SANITATION DEPARTMENT





MALAKING bagay na malakas at maigting ang suporta ng Pamahalaang Lungsod pagdating sa usaping pangkaligtasan at kalusugan ng taumbayan lalo na sa mga delikado at nakamamatay na sakit gaya ng Dengue.

Kaugnay nito, nagpaalala ang Pamahalaang Lungsod sa publiko na mag-ingat laban sa Dengue lalo na ngayong panahon ng tag-ulan.

Kasabay nito, ika-28 ng Hunyo, inumpisahan na ng Pamahalaang Lungsod ang ilang hakbang kontra Dengue. Nagsagawa ang city government ng Misting Activity na pinangunahan ng City Health and Sanitation Department sa pamumuno ni Dr. Basilisa M. Llanto – City Health Officer, sa Brgy. Guinobatan na ayon sa tala, ay mayroong mataas na kaso ng Dengue.

*"Upang makaiwas sa lamok na may dalang Dengue, sabay-sabay po tayo na maglinis ng ating mga barangay bilang bahagi ng Dengue Clean-up Drive ng kasalukuyang administrasyon para puksain ang mga pinamumugaran ng mga lamok"*, paalala ng Ina ng Lungsod, Mayor Malou Flores-Morillo.

Higit pang paalala na ugaliin ang 55 strategy (Search and Destroy, Self-Protect, Seek Consultation, Support fogging in outbreak areas, at Sustain Hydration) para mapangalagaan ang sarili, buong pamilya at iyong komunidad laban sa nakamamatay na kagat ng lamok.

Kabilang sa mga sintomas ng Dengue ang mataas na lagnat, pagsusuka, pagdurugo ng ilong at pananakit ng katawan.

Dagdag pa ng Alkade, *"Kung mayroong anomang sintomas, pinapayuhan po naming kayo na agad magtungo sa ospital upang masuri ng duktor."* (Kate Rondilla Redublo/ CIO).

# BASIC LIFE SUPPORT WITH STANDARD FIRST AID TRAINING FOR TOURISM ESTABLISHMENTS SAFETY OFFICER

DINALUHAN ni City Mayor Malou Flores-Morillo kasama si City Councilor, Atty. Jel Magsuci ang isinagawang Basic Life Support with Standard First Aid Training for Tourism Establishments Safety Officer na ginanap sa lungsod ng Calapan noong ika-28 ng Hunyo. Ang pagsasanay na ito ay nilahukan ng 25 safety officers mula sa iba't ibang hotel at restaurant tourist establishments sa lungsod, at naglalayong palakasin ang kakayahan ng mga safety officers sa pagbibigay ng agarang tulong sa oras ng emergency.

Ang aktibidad ay bunga ng inisyatibo ni Mayor Morillo, katuwang ang Calapan City Tourism, Culture and Arts Office na pinamumunuan ni Mr. Christian E. Gaud, at ang cdrrmd, Calapan Mindoro na pinamumunuan ni Mr. Dennis T. Escosora. Ang pagsasanay ay naglalayong tiyakin ang kaligtasan ng mga turista at ng mga manggagawa sa sektor ng turismo. Kinilala rin ni Mayor Morillo ang mahalagang kontribusyon ng Bureau of Fire Protection (BFP) at mga accredited officers ng Department of Health (DOH) na nagsilbing mga trainors sa programa.

Sa pagtatapos ng aktibidad, ipinahayag ni Mayor Morillo ang kanyang pasasalamat sa lahat ng lumahok at nag-organisa ng programa (Jermae D. Tuyor/ CIO).








THE TAMARAO JOURNAL

TAMARAO JOURNAL NEWS PUBLISHING HOUSE
PUBLISHER

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER/ OWNER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

MARCUS A. NEGADO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY MONDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: tamaraojournal@gmail.com

WEBSITE: WWW.TAMARAOJOURNAL.COM ISSN No. 2984-7249






TINGNAN: Matagumpay na naisagawa ang pagdiriwang ng 50th Nutrition Month Celebration at Regional Philippine Plan of Action launching and dissemination sa pangangasiwa ng National Nutrition Council na pinamumunuan ni Regional Nutrition Action Officer Ma. Eileen Blanco at sa pagtutuwang ng Pamahalaang Lungsod ng Calapan at Pamahalaang Panlalawigan ng Oriental Mindoro, bilang hosts, Hulyo 2.

Nilahukan ng mga kasapi ng Municipal Nutrition Council ng iba't ibang bayan ng limang lalawigan at ng dalawang lungsod sa rehiyong MIMAROPA, masayang sinimulan ang pagdiriwang sa pamamagitan ng isang masiglang parada mula Calapan City Plaza patungo sa Bulwagang Panlalawigan ng Kapitolyo para sa programa.

Layunin ng gawaing pangrehiyon na maitaas ang kamalayan sa mga mamamayan hinggil sa kahalagahan ng tamang nutrisyon at ang tamang paghahanda nito tungo sa pagsisikap na maibaba ang antas ng malnutrisyon sa buong rehiyon ng Mimaropa.

Maliban kay NNC Regional Program Coordinator Eileen Blanco, naging panauhing tagapagsalita sa naturang programa sina POPCOM Regional Director Reynaldo Wong, Calapan City Mayor Marilou Morillo, Provincial Administrator Hubbert MD Dolor, Provincial Nutrition Action Officer Doc. Cielo Angela Ante, Board Member Aleli Casubuan, Vice Governor Chief of Staff Miko Atienza.


Nararapat na magtulungan ang lahat sa pamamagitan ng pagtiyak ng pagkakaroon ng access sa tamang nutrisyon tungo sa pagiging progresibo ng rehiyong MIMAROPA, ang naging pahayag ni Calapan City Mayor Marilou Morillo sa kanyang mensahe.

Binigyang diin naman ni Provincial Nutrition Action Officer Doc. Cielo Angela Ante na hindi lamang mga namumuno ang nararapat magsagawa ng wastong nutrisyon kundi responsibiladdin ito aniya ng buong pamayanan para sa kanilang mga kapamilya.

Ang malusog na mamamayan ay ang kaakibat ng maunlad na bayan. Ito naman ang bingyang diin ni Provincial Administrator Hubbert MD Dolor na kumatawan kay Gobernador Bonz Dolor.

Kasama naman sa mga pangulo ng iba;t ibang samahan na nagpahayag ng pagsuporta si MIMAROPA Nutrition Communicators President Rubelyn Solis.

Naging tampok din sa naturang gawain ang unveiling ng PPAN at RPAN 2024-2028 at paglagda sa Nutrition Month Pledge ng puno ng iba't ibang samahang may kaugnayan sa nutrisyon. Nabigyang kasiyahan din ang mga nagsidalong katutubo na pangunahin sa target na benepisyaryo ng mga programang pangnutrisyon matapos maging kalahok ang mga ito sa Amazing Race game na nagpalalim sa kamalayan ng mga ito hinggil sa kahalagahan ng wastong nutrisyon. (PIO Calapan)




For you commercial print needs!
Books, yearbooks, marketing collaterals
www.sinagprintingpress.com
sinagprinting@gmail.com / 09175668361



# DISTRIBUTION OF FINANCIAL ASSISTANCE: SENIOR CITIZENS BIRTHDAY PAYOUT 2024






PINANGUNAHAN ng Pamahalaang Lungsod ng Calapan, sa pamumuno ni City Mayor Marilou Flores-Morilllo and *"Distribution of Financial Assistance: Senior Citizens Birthday Payout 2024"*, sa City Mall Barangay Ilaya, noong ika-3 ng Hulyo.

Nasa kabuuang 138 na mga kuwalipikadong senior citizen ng Lungsod ng Calapan ang nakatanggap ng regalong ayuda, alinsunod sa City Ordinance No. 91 Series of 2021, kung saan nakasaad sa section 3 nito na ang mga benepisyaryong senior citizens na may edad 70, 75, 80, 85, 90, 95, at 100 na taong gulang ay maaaring makakuha ng tulong pinansyal, batay sa kanilang edad, pagkatapos makasunod sa mga itinakdang kondisyon para rito.

Samantala, matagumpay itong naisakatuparan sa pangangasiwa ng pamunuan ng City Social Welfare and Development Department na pinamumunuan ni CSWD Officer, Ms. Juvy L. Bahia, RSW, Serbisyong TAMA Center, sa pamumuno ni STC Program Administrator, Mr. Peter Joseph V. Dytioco, at City Treasury Department na pinamumunuan ni City Treasurer, Mr. Nicasio D. Catapang.

Samantala, nakiisa at nagpakita rin ng pagsuporta sa nasabing aktibidad sina City Councilor Atty. Jel Magsuci, Mr. Jaypee M. Vega (Head of Barangay Affairs & Sectoral Concerns), Former City Councilor Ms. Myleen de Jesus, at Ms. Agatha Ilano (Cedric Errol A. De Guzman/CIO).

# TAMA SPORTS CLINIC CHESS GRADUATION



NAGING makabuluhan ang pagtatapos ng TAMA Sports Clinic – Chess Graduation na dinaluhan ni City Mayor Malou Flores-Morillo noong ika-2 ng Hulyo sa Brgy. Ilaya. Sa seremonyang ginanap, tatlumput walong (38) na bata ang nagsipagtapos mula sa chess clinic, kung saan pinarangalan sina Lanz Gabriel Marasigan bilang Champion ng Batch 1 at Marcus Deandrei Cortez bilang Champion ng Batch 2.

Pinangunahan ni Coach Nezil Arj Merillas ang pagsasanay sa mga batang chess enthusiasts, na nagpakita ng kanilang husay at dedikasyon sa larangan ng chess. Sa nasabing aktibidad ay katuwang ni Mayor Morillo ang City Youth and Sports Development Department na pinamumunuan ni Mr. Marvin L. Panahon.

Sa kanyang mensahe, pinuri ni Mayor Morillo ang mga bata sa kanilang pagsusumikap at dedikasyon. Hinikayat din niya ang mga magulang na patuloy na suportahan ang mga interes at talento ng kanilang mga anak sa sports, dahil ito ay nag-aambag sa kanilang kabuuang pag-unlad at tagumpay. Ang pagsasanay na tulad nito ay hindi lamang nagpapalakas ng pisikal na aspeto ng mga bata, kundi pati na rin ng kanilang mental na kakayahan at disiplina.

Ang kaganapang ito ay isang patunay ng patuloy na pagsuporta ng lokal na pamahalaan sa paglinang ng talento at kakayahan ng kabataan sa pamamagitan ng sports development programs (CIO Calapan).





THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME 3 No. 34 Jul. 01, 2024 - Jul. 07, 2024

MSP GAS RETAILING STATION
Gasolina at Krudo,
Sigurado at Garantisado
BARANGAY GULOD,
CALAPAN CITY, OR. MINDORO
CONTACT: 09295453013

# *DALAWANG FLATBOAT, IPINAGKALOOB NG BFAR SA CITY GOVERNMENT OF CALAPAN*



DALAWA na namang floating assets ang napadagdag sa pag-aari ng Pamahalaang Lungsod ng Calapan na aambag sa pagtitiyak na mababantayan ang dagat at lawa sa lungsod matapos pormal na isagawa noong Hulyo 4, 2024 ang turn over ceremony para sa 2 units of 18 footer fiberglass reinforced plastic boat with 4 marine engines na ang bawat isa ay nagkakahalaga ng halos P125,000.

Sa Barangay Tawagan na sumasakop din sa Caluangan Lake (dating Baruyan River) naganap ang Memorandum of Agreement Signing sa pagitan ng City Government of Calapan na kinatawan nina City Mayor Malou Flores-Morillo at Mr. Robin Clement Villas, OIC- City Fisheries Management Officer at ng Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR MIMAROPA) sa pamumuno ni Mr. Emmanuel H. Asis, Regional Director na kinatawan naman ni Ms. Brenda Labiaga, OIC- Provincial Fisheries Officer Oriental Mindoro.

Naging saksi sa naturang MOA Signing ang mga kasapi ng Bantay Dagat ng Calapan City, Fisheries Law Enforcement Group ng BFAR, mga kawani ng FMO at mga residente ng Barangay kabilang na ang ilang opisyales ng Samahan ng mga Masisipag na Residente ng Tawagan para sa Turismo (SMARTT) (CIO Calapan).



